



CASE STUDY

Transisyonal na Proseso Para sa Katarungan?

Mga Karanasan ng mga Katutubong Mamamayan na Hindi Moro (Non-Moro Indigenous Peoples) sa Kanilang Pakikitungo sa Nakaraan at Kasalukuyang Pangkalipunang Adhikain at Pangangailangan sa Bangsamoro Autonomous Region ng Muslim Mindanao.

Ni Rodelio N. Ambangan at Timuay Letecio Datuwata





A Teduray woman and her child watching the view from the window. Women among the indigenous Teduray and Lambangian people of Mindanao proclaim the need for equal access to the different social services including the recognition of home-birthing, an indigenous practice that has been passed down from generation to generation in many indigenous peoples' groups in the Philippines.

Transisyonal na Proseso Para sa Katarungan?
Mga Karanasan ng mga Katutubong Mamamayan na Hindi Moro (Non-Moro Indigenous Peoples) sa Kanilang Pakikitungo sa Nakaraan at Kasalukuyang Pangkalipunang Adhikain at Pangangailangan sa Bangsamoro Autonomous Region ng Muslim Mindanao.

Copyright © Tebtebba Foundation 2023

Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo o sa anumang paraan nang walang nakasulat na pahintulot ng may-ari ng copyright at ng publisher.

Ang mga pananaw na ipinahayag ng mga manunulat ay hindi kinakailangang sumasalamain sa mga pananaw ng mga publisher.

Inilathala ng

Tebtebba Foundation

No. 1 Roman Ayson Road, 2600 Baguio City, Philippines

Tel. +63 74 4447703 Tel/Fax: +63 74 4439459

E-mail: tebtebba@tebtebba.org

Websites: www.tebtebba.org;

www.indigenousclimate.org

MGA MANUNULAT

Rodelio N. Ambangan &
Timuay Letecio Datuwata

LITRATISTA

Jimrex Calatan

DISENYO AT PAGSASAAYOS

Gideon T. Ammang at
Gabriel C. De Vera

“Our situation now is not peaceful; don’t we have the right to govern our community? When I think about it, we used to occupy the provinces of Maguindanao and Sultan Kudarat. But we, the Non-Moro Indigenous Peoples, are left here in the town of South Upi. We hope that the BARMM will give us our land. In other words, if the entire chicken is not enough for them, just please leave us the feathers. Allow us to have our part. I hope we can still see that day when we can rightfully own our land. Not for me, but for our tribes’ future generation.”¹

—Timuay Florentino Orot Baul
Tribal Leader, Teduray-Lambangian

INTRODUKSYON

Ang transisyonal na proseso para sa katarungan (transitional justice process o TJP) ay isang pamamaraan para matugunan ang mga lagapan at sistematikong paglabag ng karapatang pantao. Sa paliwanag ng Office of the High Commissioner on Human Rights (OHCHR), ang transitional justice ay “sumasaklaw sa mga proseso at mekanismo nakatipon sa pagtangka ng ating lipunan na pakitungohan ang kanyang pinamanang kaso ng mga pakikidigma, paghahadlang, paglalabag at pag-aabuso; masigurado ang pananagutan; maihain ng katarungan; at magkaroon ng rekonsilyasyon.”² Sa Asia, ang negosasyon para sa kapayapaan sa pagitan ng Gobyerno ng Pilipinas (GPH) at ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) ay tinitingnan na isang modelo ng transitional justice process sa Timog Pilipinas. Matapos ng dekadang paghawak ng negosasyong pangkapayapaan, ang dalawang lupon ay nakalabas ng Bangsamoro Organic Law (BOL) at nakapagtatag ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) na may kasamang transisyonal na gobyerno na mas kilala bilang Bangsamoro Transition Authority (BTA).

Ang negosasyong pangkapayapaan ay tinitingnan bilang “sibilisadong” stratehiya para matugunan ang mga katiwaliang nakabatay sa kapangyarihan o sovereignty at sa kawalan ng katarungan mula pa sa kasaysayan na nakaugat sa kolonisasyon. Ang negosasyong ito ay naging bahagi ng pakikipaglaban ng mga Bangsamoro para malaya nilang maiguhit ang kanilang kalagayan sa pulitika at makamtan ang

pagpapaunlad na pang-ekonomiya, panglipunan at pangkalinangan sa isang Timog Pilipinas na may iba’t ibang kultura at pagkalipi. Ang BARMM ngayon ay nasa transisyon habang pinapatibay nito ang sistema at istruktura ng pamumuno. Mahalaga ang transisyon na ito dahil kailangang gawing lehitimo ang pamahalaan para masagot ang pangangailangan at adhikain ng mga tao nito. Ito ay isang kondisyon na dapat mauna at ganap na kailangan ng gobyerno para matamasa nito ang suporta at pagiging lehitimo na binasbas sa kanya ng mga tao. Ang isang pamahalaang pansamantala na hindi kayang tugunan ang adhikain at pangangailangan ng kanyang mga tao ay ipagpapatuloy lang ang karahasan.

Kaya naman ang mga karanasan ng mga Non-Moro Indigenous Peoples (NMIP) ay kailangang siyasatin sa konteksto ng TJP para malaman kung talagang handa ang BARMM. Ang mga karanasan ng mga Non-Moro Indigenous Peoples (NMIP), lalo na ang mga Teduray at Lambangian, ay maaring isama sa mga ginagawa na ng Global Initiative for Justice, Truth, and Reconciliation (GIJTR, or ang Consortium) para masiyasat ang mga gawain ng mga katutubong komunidad na nagsagawa na o kayang gawin ang TJP. Makakadagdag ito sa mga diskusyon sa mga pilosopiya ng batas tungkol sa internasyonal na karapatang pantao at sa mga diskurso tungkol sa TJP, lalo na sa interpretasyon ng mga kolektibong karapatan mga katutubo, kasama na ang karapatan para sa sariling



Most houses in the Lambangian community in the Philippines are made with light materials like kawayan (bamboo) and cogon grass which are readily available in their ancestral domain. Benuan, Kuya, South Upi, Maguindanao, Philippines

1 *Conflict’s Long Game: A Decade of Violence in the Bangsamoro.* (2022, August 5). Conflict Alert. Retrieved from <https://conflictalert.info/>
2 OHCHR: *Transitional justice and human rights.* United Nations. Retrieved from <https://www.ohchr.org/en/transitional-justice>

pagpapasiya at ang karapatan para sa lupa, teritorya, at likas na yaman, pati na rin ang pagkilala ng mga paraan ng pag-aadbokasya sa mga katutubong komunidad para masama sila sa mga proseso para sa katotohanan, katarungan at kasunduan.

MGA LAYUNIN NG PAG-AARAL

Nais siyasatin at suriin ang mga karanasan ng mga NIMP ukol sa pakikitungo nila sa mga nakaraan at kasalukuyang isyung pangkolektibo, kasama na ang kanilang mga kahilingan at pangangailangan sa konteksto ng TJP sa BARMM. Kung mas partikular, nais ng pag-aaral na:

1. Repasuhin ang pakikipaglaban ng mga Bangsamoro at NMIP para sa karapatan ukol sa sariling pamamayanan at kapayapaan;
2. Ilarawan ang pambibiktima sa mga NMIP at kung paano nila inihain at ipinaglaban ito sa prosesong pangkapayapaan at sa TJP, halimbawa, pakikipag-ugnayan sa mga babaeng NMIP;
3. Ilarawan ang balangkas ng TJP lalo na sa pakikipagugnay sa mga isyu, hangad at pangangailangan ng mga NMIP;
4. Kilalanin ang mga hindi nasagot na hinahangad ng mga NMIP at kanilang mga nagbabagang isyu, mga kakulangan sa polisiya at paggamit ng TJP, at mga rekomendasyon.

SISTEMA NG PAMAMARAAN AT KONSEPTUAL NA BALANGKAS NG PAG-AARAL

Sistema ng pamamaraan at tuntuning pang-etikal.
Dumanas ang ating mga tagapasaliksik ng pagsusuri sa libro, peryodika at iba pang dokumento at

nagtalaga din sila sa labas (fieldwork) gamit ang focus group discussions at pag-interview ng mga key informants (importanteng kausappin) na napili sa mga pinuno at miyembro ng Timuay Justice and Governance (TJG). Ang mga pakikipag-usap ay nagawa noong Agosto 17-18, 2022, sa Awang, Datu Odin Sinsuat, Maguindanao, at noong Agosto 19-21, 2022, sa Benuan, Barangay Kuya, South Upi, Maguindanao. Ang mga interbyu ay kinalap mula sa 61 na katao (45 na lalake at 16 na babae) na may gulang mula 22 hanggang 7 taon. Boluntaryong sumagot ang mga tao at hindi dinagdagan ang kanilang mga sinabi. Nakuha ang kanilang permiso sa pamamagitan ng sulat galing sa kanilang mga pinuno sa TJG.

Konseptwal na balangkas ng pag-aaral. Ginamit ang Transitional Justice and Reconciliation Commission's Dealing With the Past (DWP) na framework³ bilang patnubay sa pagsuri ng mga karanasan ng mga NMIP sa kanilang pakikipagbuno sa kanilang nakaraan at kasalukuyang isyu, hangad at pangangailangan. Iminungkahi ang balangkas na ito dahil nagawa ito para maatim ang katarungan sa mga sitwasyong matapos ang mga kaguluhan dahil ang mga biktima, at mga gumawa ng karahasan, ay kailangang bagtasin ang nakaraan at magkaroon ng transpormasyon para malaman ang katotohanan (right to truth), maitaguyod ang katarungan (right to justice), mabigyan ng bayad-pinsala o reparasyon ang mga biktima (right to reparation) at masiyerto na hindi na mauulit ang karahasan (right to non-recurrence).

Ang mga kolektibong isyu at pangangailan sa gitna ng ating diagram ay dapat kilalanin at imbestigahan ng isang independenteng komisyon o fact-finding team bago makamtan ang hustisya.

Sa paghahain ng hustisya, isang batas dapat ang itatag para masigurado na ang mga nakaraang pagsawala ng katarungan o mga karahasan ay hindi na muling mangyayari at may mga pagbabayad-utang at pagbabagong-tatag ng mga relasyon na mangyayari pagkatapos. Sa pagitan ng mga transisyon na mangyayari, may mga kakulangan at hamon na makakasalubong at kailangan ang mga ito'y makilala para mabigyan ng maayos na aksyon at rekomendasyon.

Maari niyong tingnan sa ibaba ang konseptual na framework para sa TJP para sa mga kolektibong isyu at pangangailangan ng mga NMIP.

3 *Report of the Transitional Justice and Reconciliation Commission*. Transitional Justice and Reconciliation Commission (2016). Manila, Philippines. pp.XIII




Fig. 1. Transitional Justice process for NMIP's collective issues and needs.

Ang Bangsamoro at ang Laban ng mga NMIP Para sa Karapatan Para sa Sariling Pamamayanan at Kapayapaan

Ang Pagsulpot ng mga Kilusang Pangkalayaan at ang Kanilang Laban Para sa Sariling Pamamayanan

Ang paglaban ng mga Bangsamoro at mga NMIP para sa karapatan ng sariling pamamayanan at kapayapaan ay sumabay sa pagpasok ng kolonyalismo sa magiging Islas Pilipinas noong ika-16 na dantaon. Sa ating kasaysayan, maraming mga digmaan at labanan ang naisulat mula noong sumalakay ang mga Kastila. Ang Sultanate ng Buayan at Maguindanao ay naki-alyansa pa nga sa naghaharing pamilya ng Ternate sa Borneo (ngayon ay North Maluku sa Indonesia) para labanan ang mga Kastilang conquistadores. Nagpadala ang mga Ternate ng mga bangkang pandigma at libo-libong tropa para palakasin ang hukbo ng Sultan. Pero bago tumulong ang mga Ternate, nakapag-atake na ang Sultanate laban sa mga Kastila.⁴ Pero sa tulong ng

dating taktiko na hatiin-para-mapuksa (divide-and-rule), nakatagal ang mga kolonyal sa ating bansa ng 333 taon (1565-1898). Ginamit nila ang kanilang mga kaalyado sa isla para labanan ang kapwa katutubo -- isang stratehiyang nagbunga ng matinding paunang hatol at pagkiling (bias) na nananatiling laganap sa mga marupok na relasyon ng mga tao sa Mindanao hanggang ngayon. Itong kolonyal na diskarte ay pinagpatuloy ng Estados Unidos matapos ipagbili ng Espanya ang Pilipinas sa halagang P20 milyon sa pamamagitan ng Treaty of Paris noong Disyembre 1898. Ito ay paglabag ng karapatan ng mga Bangsamoro at NMIP sa kanilang hangad na sariling pamamayanan sapagkat ginawa itong “pagtinda” na wala silang pahintulot kahit man lang sa plebisito.⁵

Nagkaroon man ng independensiya ang Pilipinas pero ang pamahalaan, kahit nagpapatakbo na ay mga Filipino, ay tinutustusan pa rin ng mga mapaghadlang na polisiya tulad ng mga batas ukol sa lupang pampubliko at mga resettlement programs o programa para bigyan ng lupa ang mga migrante na siyang nagdulot ng grabeng kawalan ng lupain at marginalisasyon o pagpapasintabi ng mga Bangsamoro at NMIP sa Mindanao. Dahil dito umusbong ang mga kilusang ng mga Bangsamorong sumasalungat sa gobyerno, kasama na rito ang

4 Damao, M. (2022). *In search of Independence from Moro Revolt to the Remaking of Bangsamoro*. LAP LAMBERT Academic Publishing, pp. 18
5 Rodil, R. B. (2003). *A Story of Mindanao and Sulu in Question and Answer*. Mindanao Coalition of Development NGO Networks.

Muslim Independent Movement (MIM) na sinimulan ni Dato Udtog Matalam noong 1968. Ang pag-usbong ng MIM ay pinasiklab ng maraming pangyayari tulad ng Jabidah massacre sa Corregidor Island sa Bataan noong presidente pa ang yumaong si Ferdinand Marcos Sr. Plano ni Presidente Marcos ang pagtagos o pag-infiltrate sa isla ng Sabah gamit ang isang hukbo ng mga tanyag na kabataang Bangsamoro mula Sulu at Tawi-tawi. Ang Civil Affairs Office ng Departmento of National Defense ay sikretong nagsanay ng 180 na batang Moro sa isla ng Corregidor para dito, kaso may 26 sa kanila ang inakusag may planong kumalas at sila'y pinatay ng kanilang mga pinuno. Naging mitsa ito para lumagablab ang pag-asa para sa kasarinlan sa mga Bangsamoro na pinapahamak na ng estado. Ang Jabidah massacre din ang naging mitsa para sa pag-usbong ng dalawang liberation fronts ng mga Moro — una, ang Moro National Liberation Front (MNLF) at sumunod, ang Moro Islamic Liberation Front (MILF) na kumalas sa MNLF noong 1976.⁶

Pakikipag-ugnayan ng Bangsamoro at NMIP sa Proseso ng Kapayapaan

Ang MNLF ay unang nabuo at mabilis namang nagsagawa ng reboluusyon laban sa gobyerno ng Pilipinas matapos madeklara ang Martial Law noong Setyembre 21, 1972. Nagsagsawa ang mga ahente ng estado ng ilang masaker sa mga Bangsamoro at NMIP; kabilang dito ang mga masaker sa Jabidah, Manili at Malisbung, atbp.⁷ Bilang ganti, linusob naman ng MNLF and mga military outposts sa probinsiya ng Cotabato, Jolo at South Cotabato mula 1972 hanggang 1973. Dineklara nila ang Mindanao, Sulu, at Palawan bilang katutubong lupain ng mga



Nestled among the abundant forest is the sitio Benuan settlement. The community is safe amidst the trees and their farm lands even without security infrastructure, as long as their right to their ancestral domain and lands are recognized and respected. Sitio Benuan, Kuya, South Upi, Maguindanao, Philippines

Bangsamoro. Dineklara nila ang kanilang hangad na lumaya sa sindak, pang-aapi at paniniil na dulot ng kolonyalismog utak ng mga Filipino. Kanilang itinayo ang “Independent Bangsamoro Republic”. Nakipag-usap sila sa gobyerno tungo sa kapayapaan sa tulong ng Organization of Islamic Conference a pinangungunahan ng Quadripartite Ministerial Committees (QMC) na kinabibilangan ng Saudi Arabia, Senegal, Somalia, at Libya⁸ kung kaya’t nagresulta ito sa Tripoli Agreement a nilagdaan noong Disyembre 23, 1976. Itinatadhana ng kasunduang ito na ang autonomous na pamahalaan ay bubuohin sa Timog Pilipinas sa ilalim ng kapangyarihan at teritoryang sakop ng Republika ng Pilipinas at ito’y saklaw ang lahat ng lungsod at bayan ng 13 probinsiya batay sa prosesong demokratiko. Kasama sa mga mahalagang probisyon sa kasunduan ay ang pagkakaroon ng judicial system para sa Batas Shariah, sistemang pangedukasyon, ispesyal na security force, pagsunod ng ceasefire o tigil putukan, pagtatag ng sariling sistemang pangekonomiya at pinansyal, at ang karapatang magkaroon ng kinatawan at paglahok sa pangunahing pamahalaan at iba pang kinatawan ng Estado.⁹ Dahil nagkaroon

9 *The Tripoli Agreement*. (1976). United Nations Peacemaker. Retrieved from <https://peacemaker.un.org/philippines-tripoliagreement76> on September 07, 2022

6 Ibid. pp.133-134

7 Rodil, R. B. (2003). *A Story of Mindanao and Sulu in Question and Answer*. Mindanao Coalition of Development NGO Networks.

8 Ibid. pp. 138

na ng autonomous status, inabandona ni MNLF Chairman Nur Misuari of the MNLF ang paghingi ng kasarinlan. Pero ang kanyang Vice-Chairman na si Sheik Hasim Salamat ay hindi kumbinsado sa Agreement at siya'y humiwalay sa MNLF at itinatag ang Moro Islamic Liberation Front (MILF) a dineklara niya ay ipagpapatuloy ang laban para sa Independent Islamic State. Sa tingin ng mga pinuno ng MILF, ang Tripoli Agreement ay isa lamang “basurang papel” dahil hindi naman ito sinunod nang tapat ng rehimeng Marcos.¹⁰

Sa pagpasok ni Presidente Corazon C. Aquino, muling tinuloy ang peace negotiation hanggang umabot sa GRP- MNLF Jeddah Accord noong 1987, kung saan binibigyan ng ganap na auonomiya ang Mindanao, Sulo, Tawi-tawi, Basilan, at Palawan batay sa prosesong demokratiko. Muli, tinawag ng liderato ng MILF ang Jeddah Accord na isang “cheap drama” ng gobyernong Pilipinas at kinokompromiso lang nito ang laban ng Bangsamoro para sa kasarinlan. Mula Enero 13 hanggang 17, 1987, naglunsad ang MILF ng malawakang tactical offensive at inatake ang mga military installations at mga tao dito.¹¹ Gayunpaman, tinuloy ng pamahalaan ni Cory and pakikipag-usap sa MNLF at ipursigi ang peace process hanggang naipasa ang Republic Act 6734 in 1989, na inalalahad ang Organic Act for the Autonomous Region sa Muslim Mindanao. Para dito, nagkaroon ng plebisito sa naturang lugar para matiyak kung anong lugar ang maisasailalim sa autonomous region. Dapat malaman an ayon sa batas dito, ang karapatan ng mga non-Moro indigenous cultural communities sa kanilang lupang tinubuan ay pinagtatanggol ng Section 1, Article XI kung saan Sakalw ng Konstitusyon at mga polisiyang pambansa, gagawin ng Regional Government sa kanyang kaya ang mga batas at tuntunin para protektahan ang katutubong teritoryo o domain at katutubong lupain ng mga indigenous cultural communities”. Dapat ding malaman na bago ang BARMM, may mga legal nang tuntunin na naisagawa para protektahan ang mga NIMP sa kanilang katutubong teritorya at lupain.

Sa taong 1987, inayos ang Konstitusyon na may limang ubod na probisyon na nagtatanggol at nagtutupad ng mga karapatan ng mga IP sa kanilang lupang tinubuan at nilakihan. Isa rito ang Artikulo II, Seksyon 5 kung saan nakasaad: “*Ang Estado,*

nakasailalim sa mga probisyon ng Konstitusyon at sa mga pambansang polisiya at programa para sa kaunlaran, na ipagtanggol ang karapatan ng mga kulturang komunidad ng mga sinaunang tao (IP) sa kanilang mga lupang minana sa mga ninuno (ancestral lands) nang matiyak ang kanilang kapakanang pangekonomiya, panlipunan at pangkalinangan. Maari ring ilaan ng Kongreso ang paggamit ng mga sinaunang batas na gumagabay sa mga karapatan tungko sa pag-aari o kaugnayan ukol sa pagtakda ng pagmamay-ari at hanggang saan ang inunong lupain.”¹² Ang probisyong ito sa 1987 na Konstitusyon ay isang pagkilala at pagtanggap na bilang isang tagapamahala, kailangan ng Estado na gumawa ng mga kinakailangang hakbang para tulungan at sagipin ang mga IP sa mga pagnanakaw ng kanilang lupa, pagpapasintabi at pagwawalang-bahala. Nasa tradisyon ng ating pagsasabatas ang pagpapalinaw ng prinsipyo ng Parens Patriae kung saan ang “mga tao na nakakaranas ng malubhang kagahulan o kakulangan o kaya'y nalalagay sa pusisyon na kung saan sila ay naagrabyado ng iba ay kailangang ipagtanggol ng ating Estado”.¹³ Itong pagpapalakas ng mga probisyong ganito ng mga gumawa ng Konstitusyon ay resulta ng pakikipaglaban ng mga IP sa mga pagtatag at pamamahala ng mga kompanya ng mga troso, mga dams, mga rancho, minahan, at mga plantasyon sa kanilang lupang tinubuan. Maari nang sabihin na ang pagsisikap ng mga IP sa pagkamit ng hustisya at kapayaan ay sumasabay lamang sa pakikipag-usap ng mga Bangsamoro sa pamahalaan ng Pilipinas.

Dalawang dekada matapos nilagda ang Tripoli Agreement, isa pang kasunduan ang ginawa ng GRP at MNLF at ito ay ang Final Peace Agreement (FPA) ng 1996 para makamtan ang matagal nang hiling na ganap na otonomiya para sa Timog Mindanao. Dalawa ang bahagi nito: ang una'y tungkol sa istrukturang pangekonomiya tulad ng pagtatatag ng Special Zone of Peace and Development (SZOPAD), ng Southern Philippines Council for Peace and Development (SPCPD), at ng Consultative Assembly at maging ang pagtatatag ng mga kailangang gawin para sa pagsanib ng mga dating gerilya ng MNLF sa Armed Forces of the Philippines (AFP) at sa Philippine National Police (PNP) habang ang pangalawang bahagi ay mas sa istrukturang pulitika at pangpamahalaan tulad ng pagtatawag ng legal na

10 Jubair, S. (1999). *Bangsamoro: A Nation Under Endless Tyranny*. IQ Marin, Kuala Lumpur, Malaysia.

11 Ibid. pp. 184-186

12 Philippine 1987 Constitution, pp.40-44.

13 Pimentel, M. P. (n.d.) *The Indigenous Peoples Rights Act, Commentaries and Guide in Practice*, 2021. Rex Book Store, Manila Philippines.

aksyon para sa pagsusog o pagpawalang-bisa ng Republic Act 6734, na mas kilala bilang Organic Act ng Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM). Kahit anong batas na magbubunga sa pagsusog ay isusubmite sa mga taong nasa apektadong rehiyon para sa isang plebisito para ito mapagtibay, lalo na sa mga batas para sa pagpapalawak ng sakop ng otonomiya na lagpas sa apat na probinsiya ng ARMM.

Muli ang liderato na MILF ay duda sa mga nangyayari sa peace process ng GRP at MNLF. Isang taon matapos malagdaan ang FPA, sinimulan naman ng mga pinuno ng MILF ang pormal na pagsasaayos ng kapayapaan kasama ang pamahalaan ng Pilipinas. Sa taon ding ito, ipinasa ng Kongreso ang Republic Act 8371 o ang Indigenous Peoples Rights Act (IPRA) matapos ang mahaba at masalimuot na pakikipaglaban. Tulad ng dalawang rebolusyonaryong grupo, ang IPRA ay isang legal na kalakarang sumusuporta sa pagbigkas ng karapatan para sa sariling pagtatalaga at ito ang kinokonsiderang isa ring “peace agreement” ng mga IP naman at ng pamahalaan ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng IPRA, ginagarantiya ng Estado ang pagrespeto, pagtatanggol, at pagtutupad ng mga karapatan ng mga IP para sa kanilang sinaunang lupain, sariling pamamahala, panlipunang katarungan, karapatang pantao, at katapatan ng kultura.¹⁴

Ilang pagtutunggali at labanan ang nagpapatigil sa usapang kapayapaan sa pagiitan ng gobyerno at MILF mula noong 1997. Sa taong 2008, ginawa ng mga negosyador ang Memorandum of Agreement on Ancestral Domain (MoA-AD). Itong kasunduang ito ang magbubunga sana sa “Bangsamoro Juridical Entity” na isang kaugnay na estadong kaugnayan (associative state) sa pamahalaan ng Pilipinas. Pero dineklara ito ng Korte Suprema na unconstitutional ito dahil ang Associative State ay tutungo sa isang Independenteng Estado at walang sapat na konsultasyon at impormasyon para sa tao ang naganap lalo na’t ang kanilang kapakanan ang mag-aapekto sa naturang polisiya.¹⁵

Isa ring mahalagang pangyayari sa negosasyong pangkapayapaan ng Gobyerno ng Pilipinas at MILF ay ang Comprehensive Agreement on the Bangsamoro na nilagdaan noong 2014. Ito ang unang mahalagang peace agreement na nangyari sa sampung taon at



In the Philippines, and most especially in BARMM areas such as in sitio Benuan, signs such as these are placed at school entrances as a reminder for either State or non-State forces not to occupy schools as their camps. *Sitio Benuan, Kuya, South Upi, Maguindanao, Philippines*

naging batayan ito ng iba pang prosesong pangkapayapaan sa buong mundo. Matapos ang 17 taon ng negosasyon, ang Gobyerno ng Pilipinas at ang Moro Islamic Liberation Front ay napagsikapang gumawa ng isang “creative hybrid architecture” para sa pagpapatunay ng mga tigil putukan, pagsusuporta ng mga negosasyon, at pagsasagawa ng mga kasunduan, na kalahok ang mga Pilipino at mga miyembro ng mga pandaigdigang komunidad, ang militar at mga sibilyan, mga institusyon at mga civil society na grupo.¹⁶

Ang Pagbiktima sa NMIP at pakikipag-ugnayan sa prosesong pangkapayapaan

Ang mga NMIP bilang Biktima sa gitna ng giyera at prosesong pangkapayapaan.

Naipit at naapektuhan ang mga NMIP sa gitna ng giyera at prosesong pangkapayapaan sa pagitan ng gobyerno, MNLF, at MILF sa Mindanao. Noong

14 Alejo, Abert. “PEACETALK: “IPRA itself is a peace agreement”.” *Minda News*. December 2, 2014. <<http://www.mindanews.com/mindaviews/2014/12/peacetalk-ipra-itself-is-a-peace-agreement/>>

15 GMA News Online. “Supreme Court rules domain agreement ‘unconstitutional’.” 14 October, 2008. <<http://www.gmanetwork.com/news/news/nation/126956/supreme-court-rules-domain-agreement-unconstitutional/story/>>.

16 Herbolzheimer, Kristian. “The peace process in Mindanao, the Philippines: evolution and lessons learned.” *Norwegian Peacebuilding Resource Center*. December, 2015. <<http://www.cr.org/downloads/a6c4f7339db9c90cd15a63c85405404e.pdf>>.

itinatayo pa lamang ang MNLF at MILF noong 1970s, marami nang kwento ng mga NMIP na sumasali sa liberation front upang maging miyembro o opisyal nito sa pag-asang ang kanilang sama-samang isyu, pahayag, at pangangailangan ay mabibigyan ng atensyon. Ang iba nama'y nagsilbing pwersang tumutulong sa pagbibigay ng tirahan, pagkain, at proteksyon kahit na delikado ito at maari silang masangkot sa kaguluhan. Ang pagkukop nila sa mga rebelde sa kanilang ninunong teritoryo (ancestral territories) ay nagbunga nga sa labanan kung kaya't kinailangan nilang lumisan dito ng ilang buwan at kung minsan ay umaabot ng ilang taon. Noong bumalik ang ibang NMIP sa kanilang lugar ay nadatnan nilang may mga bagong tao na na naninirahan sa mga ito at nagbubungkal sa kanilang mga lupain. Sa ibang lugar naman, hindi makabalik ang mga NMIP sapagkat ginamit na itong kampo ng mga pwersang rebelde. Base sa mga kwento ng mga matatanda sa Sitio Mari, Barangay Ahan sa Guindulungan, Magindanao, napilitan silang sumama at maglingkod sa pwersa ng mga rebelde at sumunod sa mga turo ng relihiyong Islam noong tinangka nilang bumalik sa kanilang mga sakahan at bukid.

Ang ibang NMIP ay tinuruan na gumamit ng dahas sa paglaban sa kanilang katarungan. Dahil sa pag-aasam sa mabilisang pagbabago, nakipagtrabaho sila kasama ang mga rebeldeng grupo. Naniniwala silang ang pagaarmas ang tanging solusyon at ang demokratikong usapan ay tinuturing na mababa at mahina na estratihiya. Napilitan ang mga NMIP na kumampi sa MILF at magarmas upang ipagtanggol ang kanilang buhay. Nakikipaglaban sila, hindi dahil naniniwala sila sa bagong ideyolohiya, kundi dahil gusto nilang mabuhay at iwasan na pagsuspensiyahan na espiya o kaanib sa kalaban. Minsan nama'y napipilitan ang mga NMIP na sumama sa pwersang militar ng gobyerno para makaiwas na maawag na rebelde.¹⁷

Habang ang ilan sa mga NMIP sa sumali sa liberation front, marami din naman ang nakihalubilo sa ibang pamamaraan ng prosesong pangkapayapaan at usapan kahit na limitado ang

sakop ng kanilang mga pahayag sa komunidad at sa nasyunal na antas. Kasama sa mga panawagan nila ay ang “non-diminution of rights (hindi pagpapaunti ng karapatan)” na nabigyang garantisado na ng estado sa pamamagitan ng IPRA at ng United Nations Declaration on the Right of Indigenous Peoples (UNDRIP). Ang paglalaban para sa kapayapaan ng NMIP ay hango sa karanasan ng GRP-MNLF peace process. Napansin nila ang kawalan ng bahala sa kanilang ahendang pangkapayapaan sapagkat hindi maayos ang pagpapatupad sa IPRA ng Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) sa loob ng 20 taon. Bagaman sinagot ng ARMM ang hiyaw ng mga NMIP sa pamamagitan ng pagpapatupad sa Muslim Mindanao Act 241 na may pamagat na “Tribal Peoples Rights Act in the ARMM”¹⁸ hindi din naman napatupad ang kabuoan nito.

Ang Kasangkutan ng NMIP sa prosesong pangkapayapaan ng Gobyerno ng Pilipinas - MILF

Ang partisipasyon ng NMIP sa negosasyong pangkapayapaan ay naging malaking hamon dahil kinilala sila bilang “naiiba” or “othered” sa prosesong ito. Dahil sa paghihiwalay sa kanila ay tinaguriang “unofficial” ang kanilang mga mungkahi at ahendang pangkapayapaan ng gobyerno sapagkat hindi daw sila kabilang sa mga pangunahing partido na kinakausap ng gobyerno. Nakipagusap din sila sa mga pinuno ng MILF na isali ang IPRA sa Bangsamoro Basic Law pero ayon sa mga pinuno, ang pagsama ng IPRA sa Bangsamoro Basic Law ay magpapahina sa bisa nito at hinihigpitan lang ang paggamit ng mga Bangsamoro ng kanilang karapatan para sa sariling pamamayanan. Ayon kay Ghadzali Jaafar, ang MILF Vice Chairman for Political Affairs, “We will catch the chicken first before we decide which part of it will be given to you” (Hulihin muna namin ang manok bago naman pagpasiyahan kung anong parte ang ibibigay namin sa iyo).¹⁹ Ibig sabihin niya ay dapat munang magtulungan ang Bangsamoro at NMIP sa pangkapayapaang negosasyon at makagawa ng kasunduan bago harapin ang ang karapatan ng

17 Ruivivar, Patmei Bello. “PEACE TALK: Indigenous Peoples’ Peace Table.” *Minda News*. October 2, 2016. <<http://www.mindanews.com/mindaviews/2016/10/peace-talk-indigenous-peoples-peace-table>>.

18 It is an act to recognize, respect, protect and promote the rights, governance and justice systems, and customary laws of the indigenous peoples/tribal peoples of the autonomous region in Muslim Mindanao, and act passed by the Regional Legislative Assembly on June 11, 2008, by the Autonomous Region for Muslim Mindanao (ARMM)

19 Ambangan, Rodelio, Inclusive peace process? *Indigenous peoples’ experience of engagement with the Bangsamoro and the government of the Philippines*. Research Dissertation Presented to The Academic Faculty of Paññāsāstra University of Cambodia. 2021. Unpublished. pp.106



Rojohn Gunsu, 26, is a Teduray youth actively advocating for the recognition of indigenous people's rights in camp transformation related projects that may encroach in their territory. He hails from Mt. Firis, where intense conflicts occurred in December 2020. *Awang, Datu Odin Sinsuat, Maguindanao, Philippines*

mga NMIP sa kanilang ninunong lupa at sariling pamamayanan nito.

Mas pinaigting pa ng mga NMIP tulad ng Teduray, Lambangian, at Erumanen ne Menuvu ang kanilang partisipasyon sa iba't ibang paraan. Binuo nila ang Independent Indigenous Peoples' Voice and LOYUKAN (Comrades in Struggle) bilang plataporma sa pagpapalakas ng kanilang mga boses sa prosesong pangkapayapaan. Ang Tebtebba ay isa sa mga aktibong miyembro ng LOYUKAN. Ang mekanismong ito ay dumadagdag sa mga lehitimong boses bilang isang representasyon ng katutubong politikal na istruktura at sistema ng NMIP. Noong 2017, aktibo silang sumali sa Mindanao Indigenous Peoples Legislative Assembly (MIPLA) upang pag-aralan at ipagmungkahi ang mga panukalang pangkapayapaan kung saan kasakop ang indigenous peoples' rights sa Bangsamoro Basic Law sa pamamagitan ng Office of the Presidential Peace Process (OPAPP) at Committee on National Cultural Communities sa Kongreso.²⁰

Ang Independent Indigenous Peoples' Voice at LOYUKAN ay aktibong nakisama sa pagtaguyod ng ganap na pagsama ng indigenous peoples' rights sa Bangsamoro Basic Law. Kasama sila sa mga committee hearings sa Senado, paghanda ng mga panukalang pangkapayapaan at pagsumite nito tuwing may public congressional hearing, pakikipag-usap sa mga mambabatas na nagpapanalo sa indigenous peoples' rights, paggawa ng pag-aaral kasama ang mga sikat na mambabatas at mga gumawa ng Konstitusyon, at pagpapatibay at pagpapalaki sa kanilang alyansa. Sa mas mababang na antas, sinimulan nila ang konsultasyon at pagtuturo sa publiko patungkol sa Indigenous Peoples Journey for Self-Determination (Lakbay Tribu para sa Sariling Pagpapasya) kasama nila dito ang Mindanao Peoples' Peace Movement at iba pang civil society organizations (CSO). Sinisimulan nila ang konsultasyon sa isang sagradong ritwal na kilala bilang Fadfad sa mga Teduray ng Magindanao; isa itong ritwal-panalangin para sa



A Lambangian fintailan (woman leader) offers her voice in the consolidation of issues experienced by Non-Moro Indigenous Peoples (NMIPs) in the transitional justice process under the Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao.

20 Loyukan, *Our call for inclusion: A Collection of Articles on Peace, Indigenous Peoples rights, and Bangsamoro Basic Law*. Loyukan, Quezon City. 2015

katagumpayan ng kaganapan. Ginawa ito sa Upi Agricultural School sa Nuro Upi, Maguindanao kung saan 170 katao galing sa NMIP, Bangsamoro, at migranteng nanirahan ang dumalo.

Nilakihan nila ang kapasidad sa pagtitiyak ng epektibong pakikipag-ugnayan sa mga negosasyong pangkapayapaan sa pamamagitan ng regular na pagbuo ng study sessions patungkol sa Bangsamoro Basic Law at ang mga implikasyon nito sa right to self-determination ng mga NMIP. Naglabas sila ng pahayag at position papers, sumali sa mga usapan at pagpupulong kasama ang suporta ng CSOs, at nagturo sa publiko patungkol sa natatanging identidad ng mga katutubong tao sa pamamagitan ng mga photo gallery na nagtatampok sa kasaysayan, teritoryo, at identidad ng mga taong ito. Malakas ang ginawang pagtindig sa identidad ng NMIP dahil sa karanasan nila na maisantabi at hindi mapakinggan ng mga komunidad na dapat nilang kinabibilangan, ang ARMM, at ang Gobyerno ng Pilipinas. Mayroong “symbiosis” o palitan na nagaganap sa pagitan ng angking komunidad na ito at sa kanilang mga miyembro.²¹

Boses ng Kababaihan sa Transisyunal na Proseso ng Hustisya

Ang mga pinuno ng TJG sa isang focus group discussion (FGD)²² ay nagpahayag na ang kababaihan ay may espesyal na gampanin sa politikal na istraktura ng mga katutubo na kinikilala bilang Fentailan.²³ Ang iba sa mga Kefeduan o justice holders ay kababaihan. Marami sa komunidad ng Teduray and Lambangian ay pinamumunuan din ng kababaihan na may pantay na tungkulin, karapatan, at obligasyon sa mga lalaki sa pagtatanggol sa kanilang katutubong lugar.²⁴

Noong 2001, ang mga kababaihan ng Teduray at Lambangian ay bumuo ng indigenous peoples umbrella organization na tinawag na Teduray Lambangian Women Organization Inc. (TLWI), binubuo ito ng 35 women's organizations na nasa komunidad ng mga katutubong tao sa probinsya ng Magindanao.²⁵ Si Fentailan Froilyn Mendoza ang lider

ng organisasyon at aktibong kasali sa pangkapayapaang istraktura, partikular na dito sa Government of the Philippines-Joint Task Force on Camp Transformation (GPH-JTFCT) bilang camp coordinator sa Camp Omar. Kamakailan lang ay napili



Strength and dignity. Indigenous women in the Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao steadfastly assert their quiet strength and dignity as they continuously call for the recognition of their indigenous rights as stated in the United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples (UNDRIP) and the Philippines' Indigenous Peoples Rights Act 1997 (Republic Act No. 8371 of 1997).

si Ms. Mendoza bilang isa sa 80 miyembro ng Minister of Parliament of the Bangsamoro Transition Authority. Ito ay karagdagdagang plataporma para sa mga kababaihan ng NMIP at mapalakas ang kanilang boses sa pambatasang proseso.

Si Ms. Jen Cornelio ay isa rin sa mga aktibong lumalaban para sa karapatang pantao na nagtatrabaho sa pagpapalaya sa 24 na kalalakihan na

21 Madew, M., Schulz, C., & Dakal, P. *Discourse on Social Cohesion*. VEG. Germany. 2015. pp.18

22 Focus Group Discussion was conducted among the TGJ leaders on August 17-18, 2022 at MP Romeo Saliga's office in Tenorio, Awang, Datu Odin Sinsuat Maguindanao on the NMIP experiences on the Transitional Justice process.

23 Woman leader in the Timuay Justice and Governance

24 Participants during the Focus Group Discussion with the leaders of the Timuay Justice and Governance (TJG) on August 18, 2022 in Awang Maguindanao

25 Conciliation Resources, TEDURAY LAMBANGIAN WOMEN'S ORGANIZATION (TLWOI), <https://www.c-r.org/organisation-profile/teduray-lambangian-womens-organization-tlwoi>, retrieved on September 10, 2022.

nared-tag at nakulong. Ang mga kalalakihang ito ay sumuko sa pwersa ng gobyerno militar ukol sa kampanya para sugpuin ang mga lokal na komunista ayon sa Executive Order No. 70.²⁶ Subalit dahil iligal na hinuli sila nang walang kaso, kinasuhan sila ng murder at arson para lang mapakulong sila sa kulungan sa General Santos City. Ang espiya militar na kabilang sa Teduray community ay nagboluntaryo bilang saksi laban sa kanyang mga katutubong kababayan upang mapatunayan ang mga kaso. Si Ms. Cornelio, kasama ang ibang human rights groups ay nakayanang palayain ang dalawa sa dalawam'put-apat na tao sa bilangguan.

Maliban sa dalawang ito na kilalang pinuno sa prosesong pambatasan at taga-pagtanggol ng karapatang pantao, marami pang kababaihan na NMIP ang nagtatrabaho para sa kapakanan at kaligtasan ng komunidad kahit na hindi pa sila gaanong kilala. Kinakailangan ng malaki at kolektibong pagtutulungan ng mga kababaihan upang gumana ang proseso ng transisyunal na hustisya sa konteksto ng mga NMIP.

Isang Balanghay (Framework) ng TJP at ang mga Nagbabagang Isyu at Hamon ng mga NMIP

Mga pag-uusap payapapaan bilang balanghay at basehang legal para sa usapin ng mga hamon at pangangailangan ng mga NMIP

Katulad sa Indigenous Peoples Rights Act in the Philippines, ang Bangsamoro Organic Law ay nagtatangka na ayusin ang mga kawalan ng katarungan ng nakaraan. Ang batas na ito ay binuo ng Gobyerno ng Pilipinas - Moro

Islamic Liberation Front sa loob ng 17 na taon na negosasyon pangkapayapaan. Ang parehas na partido ay lumagda sa Framework of Agreement on Bangsamoro noong October 15, 2012, Comprehensive Agreement on Bangsamoro noong March 27, 2014, at sunod naman ang Normalization Annex on January 25, 2014.²⁷ Ang Bangsamoro Organic Law ay napatupad sa ng Kongreso noong 2018 na nagtulak sa paggawa ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) at iba pang prominenteng istruktura at opisina na nagtataguyod sa sa mga hangad ng Bangsamoro ukol sa self-determination. Sa loob ng BARMM, ang Ministry of Indigenous Peoples Affairs (MIPA) ay may mandatong protektahan at isulong ang karapatan ng mga NMIP sa loob ng autonomous region. Ito ang batas na nag-iiba ng mga Moro sa mga Bangsamoro Indigenous Peoples at NMIPs, ang dahilan sa malakas na hiyawan sa negosasyon ng prosesong pangkapayapaan mula sa maraming katutubong tao kung saan ang karamihan ay kabilang sa un-Islamized na katutubong tao na hindi sumusunod sa identidad ng Bangsamoro sa mga aspetong historikal, territorial, o pang-gobyernong rason.²⁸

Mula noong nabuo ang BARMM noong 2019, ang kongreso ay patuloy na nagtatrabaho upang maisabatas ang mga polisiyang nakagabay sa moral na pamamahala. Inuuna na isabatas ang administratibo, Indigenous Peoples, internal revenue, civil service, edukasyon, local na pamahalaan, paglikha ng opisina, at electoral code.²⁹ Subalit mabagal ang usad ng mga mambabatas. Ang kabagalang ito ang nagbigi sa pagkakaroon ng mabilisang aksyon sa mga importanteng panukala tulad ng Indigenous Peoples' Code. Sa halip na maisabatas ang mga ito upang mapatibay ang mga karapatan ng NMIP, ipinasa ng Bangsamoro Transition Authority (BTA) ang Resolution No. 38 upang pigilan ang delineasyon at pagtitulo sa mga katutubong lupain ng mga Teduray and Lambangian. Ang mga pinuno ng Timuay Justice and Governance (TJC) ay hindi

26 A national policy of the Duterte Administration in Institutionalizing the Whole of Nation-Approach in Attaining Inclusive and Sustainable Peace, creating a National Task Force to End the local Communist, and directing the adoption of the National Peace Framework" which was issued on December 4, 2018, at Malacañang Palace, Manila.

27 Transitional Justice and Reconciliation Commission. "Report of the Transitional Justice and Reconciliation Commission." Makati City, Philippines. 2016.

28 Transitional Justice and Reconciliation Commission. "Report of the Transitional Justice and Reconciliation Commission." Makati City, Philippines. 2016.

29 Gempa te Kelindaan ne Kamal. "Position paper of Erumanen ne Menuvu in the Crafting of the Bangsamoro Basic Law." Unpublished. 2015.

29 Punzalan, Noel. "BARMM parliament focuses on 7 priority bills." *Philippine News Agency*. 23 October 2019. <<https://www.pna.gov.ph/articles/1083945>>.

naniniwala sa sinseridad na ipinakita ng BARMM upang sagutin ang mga lehitimong hinaing at kawalan ng hustisya na naranasan ng mga NMIP. Ipinahayag nila ang kanilang pagkadismaya sa bagong autonomous government at tinanggihan ang pagpapahaba sa transisyunal na kapanahunan ng BARMM.³⁰

Sa kabilang banda, may mga iilan pa ring NMIP na sumama sa pag-apila ng Bangsamoro parliament na hawak ng MILF na pahabain ang BARMM transition period. Inilathala nila na ang pagkaantala sa paggawa ng Indigenous People's Code ay dahil sa COVID-19 pandemiya. Ikinakatakot nila na kapag hindi napahaba ang panahon, mababale-wala ng kongreso ang kanilang mga hinaing patungkol sa kanilang mga katutubong lupa at tribal justice system.³¹ Noong October 28, 2021, ang dating Pangulong Rodrigo Roa Duterte ay lumagda sa batas na pahabain ang BARMM mula 2022 hanggang 2025, kung kaya naman natigil ang kaunahang regional parliamentary election sa rehiyon.³²

Ayon sa Bangsamoro Organic Law, mayroong labintatlong probisyon ukol sa pagkilala, pagprotekta,

at pagtaguyod sa mga karapatan ng mga katutubong hindi Moro. Ang mga pinaghirapang probisyon na ito na nanggaling sa mga usapang pangkapayapaan ay garantiya sa karapatan ng mga NMIP sa kanilang mga katutubong lupain, sariling pamamahala, at iba pang mahalagang karapatan na kinakailangan sa pagbuo ng isang lipunan na makatarungan, inklusibo at walang kinatatakutang dahas. Ang mga probisyong ito ay produkto ng mahabang pakikibaka para sa kabuoan pagsama sa karapatan ng mga katutubong tao sa Bangsamoro Basic Law, pagkaraan ay tinawag itong Bangsamoro Organic Law.³³

Ang mga ligal na hakbang tulad ng Bangsamoro Organic Law at BARMM ay parte lamang ng mga importanteng sistema na nagpasimula sa pagbuo ng mga komunidad na umiiwas sa karahasan sa katimugan ng Pilipinas. Ang pagbaba sa armas at paggawa ng pangkapayapaan na kasunduan, tulad ng Comprehensive Agreement on Bangsamoro, ay hindi garantiya sa pagtanggap ng karahasan na nangyari na sa nakaraan. Ang nakaraan ay dapat dapat aksyunan sa pamamagitan ng pag-alam at



Locally termed as an *afaran* or *dulang*, this raised platform serves as a sacred altar for the Teduray and Lambangian people of Maguindanao which is where offerings to God are placed especially during important rituals. *Sitio Benuan, Kuya, South Upi, Maguindanao, Philippines*

30 Christian Esguerra, of Facts First, sat down with the supreme tribal chief of the Timuay Justice and Governance to talk about land grabbing, harassment, and killings experienced by non-Moro indigenous peoples in the new #Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao. #BangsamoroSeries. <https://www.youtube.com/watch?v=KdGXzjjLPs>

31 Bangsamoro Information Office. "IPs fear reforms on ancestral domain, tribal justice system will be overlooked if BARMM transition is not extended." 29 July, 2021. <<https://bangsamoro.gov.ph/news/latest-news/ips-fear-reforms-on-ancestral-domain-tribal-justice-system-will-be-overlooked-if-barmm-transition-is-not-extended/>>.

32 Bangsamoro Information Office. "Duterte signs law extending transition period in BARMM until 2025." October 29, 2021. <https://bangsamoro.gov.ph/news/latest-news/duterte-signs-law-extending-transition-period-in-barmm-until-2025/>

33 Focus on the Global South. *Groups reiterate the call for full inclusion of their rights in the Bangsamoro Basic Law*. <https://focusweb.org/groups-reiterate-call-for-full-inclusion-of-their-rights-in-the-bangsamoro-basic-law/> on May 25, 2015

pagkilala sa katotohanan patungkol sa mga kawalan ng hustisya sa kasaysayan at sa mga lumalaganap na paglabag sa karapatang pantao, pati na din sa pamamagitan ng pagsunod sa hakbang panghustisya upang hindi na muling maulit ang mga karahasan na ito. Sa konteksto ng BARMM, ang prosesong transitional justice ay hindi lamang nakatugon sa mga partido na direktang kabilang sa pangkapayapaang negosasyon, kundi kasama din ang ibang tao tulad ng NMIP na nakakaranas din ng di-pagsasama (exclusion) kahit sa matinding pagtangka nila na sumali sa mga



Despite having a block grant in the national budget for its funding, the BARMM government has yet to provide support and/or sustain services to remote areas. Here Mr. Edgardo Calantungan Jr., 35, a Lambangian is manually grinding coffee produced and harvested in the community as an entrepreneurial endeavor. *Sitio Benuan, Kuya, South Upi, Maguindanao, Philippines*

prosesong pangkapayapaan sa parehas na lokal at pambansang antas.³⁴

Mekanismo at Istruktura ng Transisyunal na Hustisya

Wala pa ring mekanismo ang transisyunal na hustisya na nakatutok para sa mga kawalan ng hustisya sa ating kasaysayan, lehitimong hinaing at karahasan sa karapatang pantao, at pagnakaw sa lupain tulad ng naranasan ng mga NMIP. Ngunit may mga istruktura, komisyon, at mga opisina na nakamandato at maaring sumaklaw at tumulong sa mga kahilingan at isyu ng mga NMIP. Kasama sa mga mekanismong ito ang Transitional Justice and Reconciliation Commission (TJRC), Bangsamoro Transition Authority ((BTA), Inter-Governmental Relation Body (IGRB), Ministry of Indigenous Peoples' Affairs (MIPA), at iba pang lokal na mekanismo patungkol sa hustisya.

Kasama sa Framework Agreement on the Bangsamoro (FAB) sa pagitan ng gobyerno ng Pilipinas at MILF ang pagbuo sa Transitional Justice and Reconciliation Commission (TJRC) bilang parte ng Agreement's Annex on Normalization. Mandato ng TJRC na kumuha ng mga taong maaring pumalit at magrekomenda sa mga lupong kapayapaan ang wastong mekanismo sa 1) pagtutok ng mga lehitimong hinaing ng mga Bangsamoro; 2) pagwasto sa mga kawalan ng katarungan sa kasaysayan; 3) pagtutok ng mga paglabag sa mga karapatang pantao, at 4) pagtutok ng mga nasa laylayan dahil sa pagkawala ng kanilang lupain. Matapos ang sunod-sunod na panayam gamit ang listening process approach³⁵, tinatag ng TJRC ang National Transition Reconciliation Justice Commission on Bangsamoro (NTJRCB) na mangangasiwa sa implimentasyon ng 'dealing with the past framework' (DWP) at pagtaguyod sa muling pagkakasundo at pagpapagaling.³⁶ Ginaya ng Kongreso ng Pilipinas ang transitional justice bill na naghahangad sa sosyal na pagkakasundo; ngunit base sa obserbasyon ng Timuay Justice and Governance³⁷ (TJG) Leadership, hindi ito binigyan ng seryosong atensyon sa Kongreso.

Isa pang mekanismo para sa prosesong transitional justice ay ang Ministry of Indigenous

34 Europe Solidaire Sans Frontières. "Mindanao (Philippines): Indigenous Peoples demand Independent Voice in the Peace Processes." Retrieved from <https://www.europe-solidaire.org/spip.php?article39325> on 26 October 2016

35 Transitional Justice and Reconciliation Commission. "Report of the Transitional Justice and Reconciliation Commission." Makati City, Philippines. 2016. pp. 6-7.

36 Ibid. pp. XVII.

37 Alim Bandara, Nature of the Timuay Justice and Governance in Central Mindanao, Philippines, <http://www.europe-solidaire.org/spip.php?article5255> in October 2002.



Only a keloid remains from the bullet that pierced the leg of an elder during an encounter in relatively peaceful Sitio Benuan many years ago. *Sitio Benuan, Kuya, South Upi, Maguindanao, Philippines*

Peoples Affairs (MIPA), alinsunod sa Bangsamoro Organic Law. Mandato ng MIPA na protektahan at itaguyod ang interes at kapakanan ng mga katutubong tao sa loob ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) na may pagkakakilanlan sa kanilang paniniwala, kaugalian, tradisyon, at institusyon. Ayon pa sa kanila, “nagsisilbi itong pangunahing ahente na responsable sa pagbalangkas at pagpapatupad ng mga polisiya at programa na akma at at sumusunod sa pakikipagtulungan ng Bangsamoro at ng gobyerno na nagsasagawa ng mga polisiya ayon sa batas”.³⁸ Subalit ang kabuuang operasyon ng opisina ng ito ay nakadepende sa Indigenous Peoples’ Code, na kinakailangan pang pagtibayin ng Bangsamoro Transition Authority.

Ang Inter-Governmental Relations Body (IGRB) ay isang mekanismo upang pakinggan ang mga hinaing sa pagitan ng Bangsamoro at nasyunal na gobyerno. Nakamandato sa batas na asikasuhin at ayusin ang mga isyu ng relasyon sa loob ng pamahalaan (intergovernmental) sa pamamagitan

ng regular na konsultasyon at pagpapatuloy ng negosasyon sa di nakikihamon na paraan.³⁹

Mayroong mga lokal na inisyatibo at mga gawi para sa pagkakasundo ng mga partido ngunit hindi ito masyadong na nagagamit sa komunidad na antas, partikular na sa pamamahala sa mga tradisyunal na teritoryo at hangganan ng mga katutubong lupain sa pagitan ng mga Moro at NMIP. Ang lokal na kasagawaan na kilala bilang Kakap te Dulunan (revisiting the traditional boundary), ay may layunin na ibalik ang orihinal na hangganan ng mga lupa at pati na din ibalik ang nasirang relasyon ng mga tao. Nagsimula ang gawing ito noong 2019 sa Pegeleten, sa Lanoon, Carmen, Cotabato, sa isa sa mga teritoryo ng mga NMIP na kadugtong sa lugar ng Bangsamoro. Ngunit maliit ang ibinigay na atensyon ng gobyerno sa kilusang ito.⁴⁰

38 Organic Law of the Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao/RA11054, 2018, retrieved from <https://www.officialgazette.gov.ph/downloads/2018/07jul/20180727-RA-11054-RRD.pdf>. pp. 34.

39 Ibid. pp. 11.

40 Initiative for International Dialogue, Transitional Justice and Reconciliation: In and Beyond the Bangsamoro” (Research Study on Community Narratives of Resilience and Truth-telling), Bangsamoro Transformative Justice Initiatives Project (2017-2019). Initiatives for International Dialogue (IID). Davao City. 2019. pp. 64.

Mga Kontemporaryong at Mahalagang Isyu, Puwang sa mga Polisiya at Kagawian sa Transisyunal na Prosesong Panghustisya na kinakaharap ng mga NMIP, at mga Rekomendasyon ukol dito.

Mga Kontemporaryo at Mahalagang Isyu ng mga NMIP

Sa puntong ito, ang mga ulat at pahayag ay nagpapakita na ang mga pangangailangan ng mga Katutubong hindi Moro ay malayo pa sa kalutasan. Sa halip na malutas, ang mekanismo at istruktura ay mas nagpalala sa magkakaugnay na mga kailanganin nila. Ang mga nasa ibaba ay ang mga kontemporaryong isyu na pinamukhaan ng mga NMIP.

Sinuspinde ng BTA ang Certification of Ancestral Domain Title (CADT) application process ng mga grupong Teduray at Lambangian. Simula 2014, ang liderato ng TJP ay umaasang ang aplikasyon nila sa CADT na sinimulan pa nila noong 2005 ay mapapabilis ang proseso dahil sa pagbibigay ng probisyon sa kahalagahan ng karapatan ng mga IP sa BOL. Ang pag sarbey at paghahati sa mga katutubong lupain ay nakumpleto na dahil sa kasama ang tulong ng Philippine Association for Intercultural Development (PAFID)⁴¹. Ang resulta sa mga sarbey ay pinadala sa National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) - Region 12 to the Ancestral Domain Office Central Office noong Setyembre 2, 2019, at handa ito para sa deliberasyon at pag-bigay ng CADT. Sa kasamaang palad, nagbigay ang Bangsamoro Transition Authority (BTA) ng Resolution No. 38 upang itigil ang proseso ng aplikasyon. Sa halip, nag-issue ang MIPA ng Administrative Order 003, Series of 2021, isang guideline para sa paghahati at pagtitulo ng mga katutubong lupain sa loob ng BARMM. Dahil dito, kinailangan ulit ng MIPA na hatiin at lagyan ng mohon ang mga lupaing dati na nilang nakuha, nasarbey, at nahati. Ayon sa pamumuno ng TJG, ang naging proseso ay nakakalito

sa maraming Teduray at Lambangian Ancestral Domain na nagreklamo dahil maliban sa pag-uulit sa proseso kung saan lumiit din ang mga dati ng nasarbey na lugar, ginawa ang mga ito ng walang wastong pagkuha sa impormasyon at konsultasyon. Mas lumala ang igtingan sa pagitan ng mga NMIP dahil sa nangyaring proseso.⁴²

Ang liderato ng TJG leadership ay naniniwala na ang Certificate of Ancestral Domain Title (CADT) ay mahalagang dokumentong legal para maprotektahan ang ancestral domain at maaring gawing legal na batayan laban sa mga nang-aagaw ng lupa. Pinapalakas nito ang kanilang posisyon para ipagtanggol, paunlarin at ipangasiwa ang lupa at ang mga laman nito. Ang Native Title ay mainam pero hindi ito sapat na basehan ng kanilang mga claims sapagkat hindi ito gaanong maintindihan ng mga hindi NMIP. And CADT ay maaring pagaanin at ipatnugutan ang iba't ibang land claims na katigan ang NMIP.


Ang pausad-usad na galaw ng Bangsamoro Transition Authority sa pagsasabatas ng Indigenous Peoples' Code.

Hindi naisabatas ng unang parlimento ng Bangsamoro Transition Authority (BTA) ang mga kinakailangang legal na remedyo para matugunan ang mga napakabigat na kalagayan ng di-pagsasama at ang laganap na paglabag ng karapatang pantao tulad ng pagpapalayas, pagpatay, at panliligalig na siyang nararanasan ng mga NMIP. Walang abtas para dito na ipinasa kahit napakalakas na ng paghingi nito ng mga tao sa komunidad, lalo na ang para sa Indigenous Political Structure (IPS). Ang Cabinet Bill 40 na pinamagatang, "An Act to Recognize, Protect and Promote and support the rights of Indigenous Peoples, Creating the Ministry of Indigenous Peoples Affairs, establishing the implementing Mechanisms, Appropriating Funds therefor, and for other purposes" ay inilatag sa parliamento. Ang bill na ito ay tinanggap lang ng Office of the Secretary General ng BTA noong Enero 23, 2020, pero hindi na ito inihain. Walang binigay na skedyul para sa public hearing. Ito ay ipinakilala sa parliamento ng dalawang ministro na kumakatawan sa mga NMIP, sila MP Melanio Ulama at MP Romeo Saliga. Sa ikalawang Parliamento ng BTA ngayon nama'y kinakatawan ni

41 PAFID is working with Indigenous Communities in securing their traditional territories with the office address located at 71 Malakas Street, Central District Diliman, 1101 Quezon City, Philippines.

42 Ministry of Indigenous Peoples Affairs, Administrative Order No. 003, 2021.

MP Froilyn Mendoza at MP Ramon Piang – parehong kasama sa NMIP -- ang inaasahang tutulong na ipasa and IP Code na siyang tunay na nagsasalamin sa pangarap at adhika ng mga NMIP. Kailangan ng maraming konsultasyon at pag-uusap ang IP Code sa mga NMIP sa komunidad. Sinabihan na ng TJG na hindi lamang ipapasa ng BTA ang batas kung hindi siguraduhin na itaguyod nito ang karapatan para sa sariling papapasiya.



A workshop with Timuay Justice and Governance (TJG) Minted Sa Inged (Council of Leaders) representatives highlighted several key issues Non-Moro Indigenous Peoples (NMIPs) are facing in the implementation of the Bangsamoro Organic Law, including killings of indigenous peoples and land-grabbing. The Philippines has consistently been one of the top countries with most land or environment-related killings according to Global Witness.- Awang, Datu Odin Sinsuat, Maguindanao, Philippines

Paggalugad ng mga minahan at pagpasok ng mga plantasyong agrikultura sa mga Ancestral Domain na walang FPIC.

Nababagabag ang pinuno ng TJG sa maraming paggalugad ng mga minahan (mining exploration) sa Barangay Kuya sa South Upi, Maguindanao, at sa iba pang lugar, sapagkat pumapasok sila at namamahala sa mga ancestral domains na walang maayos na Free Prior and Informed Consent (FPIC) na siyang nakalaan sa Indigenous Peoples Rights Act. Mga plantasyon din ng saging ay ilusob ang mga ancestral domains ng Teduray at Lambangian na walang pakialam sa kanilang kolektibong karapatan. Itong halos sabay na pagpasok ng mga minahan at plantasyon ay angyari dahil sa pakikikutsaba

ng mga lokal na pulitiko. Nakikinita na ng TJG na magdudulot ito ng pagpapalayas, militarisasyon, at paglabag ng mga karapatang pantao sa mga komunidad.

Mga pinaglalabanan at magkapatong-patong na mga instrumento ukol sa pagmamay-ari (tenurial instruments) ng lupa sa ilalim ng ancestral domain.

Ang Integrated Forestry Management Agreement (IFMA) at iba pang tenurial instruments ibinahagi sa mga migrante ay siyang nagkakait sa mga NMIP ng epektibong pagpasok at paggamit ng kanilang katutong lupain. Ang IFMA ay isang tenurial instrument at isang kasunduan ng pagsanib ng produksyon (production-sharing agreement) kung saan ang Department of Environment and Natural Resource ay naglalaan sa isang kwalipikadong aplikante ng eksklusibong karapatan ng pagsa-ayos, pagpangasiwa at pagprotekta ng isang ispesipikong lugar sa mga kagubatan at paggamit ng mga nasa loob nito. Ibig sabihin nito'y ang isang malawak na lupain ay maaring ipamahagi at ipangasiwa sa iisang tao, kalimita'y hindi ito katutubo.

Harapharapang paglabag ng karapatang pantao tulad ng pagpapatay, pagbabanta, at red-tagging sa mga tagapagtanggol ng karapatan na mga NIMP.

Noong Agosto 9, 2020, sa selebrasyon ng International Day of the Worlds Indigenous Peoples, naglabas ng statement ang pamunuan ng TJG leadership na nilalantad ang napakahirap nilang kalagayan sa BARMM gawa ng mga armadong labanan. Ang mga Teduray at Lambangian ay napaparusahan dahil sa epekto ng 11 na labanang armado sa iba-ibang lugar sa kanilang ancestral na kapuluan kaya nagsilikas ang mga 3,300 na pamilya. Ang mga patayan, matinding pagbabanta at pagbabalisa ay nangyari na walang maayos na imbestigasyon ng BARMM at Estado. Nilabas din ng TJG ang kanilang daing sa hindi paggalaw ng Estado sa kanilang ancestral domain claim. Dineklara nila ang kanilang ancestral na domain ay nasa "gabuten" ⁴³ o kinukobkob (under siege).

43 Timuay Justice and Governance, Statement during the Celebration of the International Day of the World Indigenous Peoples, August 9, 2020.



Non-Moro Indigenous Peoples (NMIPs) have seemingly been forgotten in the ensuing transitional justice process of the Bangsamoro Autonomous Region of Muslim Mindanao (BARMM) as they clamor for the approval of a genuine Indigenous Peoples Code that amplifies the acknowledgement, respect, and protection of NMIPs in the region. Awang, Datu Odin Sinsuat, Maguindanao, Philippines

Isang di pa nareresolbang kaso ay ang pagpaslang kay Timuay Lencio Arig. Isa siyang pinuno ng TJG na mas kilala bilang Midted sa Inged (MSI) at tagapagtanggol ng karapatan ng mga IP laban sa minahan. Noong Oktubre 2, 2014, siya ay pinagbabaril sa Sitio Keninan, Barangay Ramongaob, South Upi ng dalawang tao habang pauwi siya kasama ang asawa at anak.⁴⁴ Motibo sa pagpaslang ay ang kanyang pagsangkot niya sa kampanya laban sa pagmimina sa Maguindanao.

May mga ilan din akikipaglaban at tagapagtanggol ng IP rights advocates ang naging biktima ng red-tagging. Inakusahan silang kassapi ng Communist Party of the Philippines-New People's Army (CPP-NPA) dahil lamang sa pinapanindigan nila ang kanilang karapatang pantao. Nagkakaroon sila ng pananaw na maaring magkasalungat sa mga polisiya ng estado kasi nga naaalisan na sila ng kanilang karapatang pantao. Isang pinuno ng TJG and nagsabi na siya ay nired-tagged at pinagbantaan ng buhay. Halimbawa, minsan siyang ininterbyu sa teleisyon tungkol sa buhay ng mga NMIP kaya siya nakipagtalo na rin sa isang mataas na opisyal ng

BARMM. Matapos noon, nakatanggap siya ng text na nagtatanong: "Bakit ka pa buhay?"

Mga ibang pinuno ng TJG g nag-analisa na isang motibo kung bakit pinabubulaanan nila na miyembro sila ng NPA o Bangsamoro Islamic Armed Forces (BIFF) ay para na rin silang mapaalis sa kanilang lupang tinubuan. Kung hindi nila makayanan ang pagbabanta ng red-tagging, sila ay lilikas kasama ang mga pamilya sa isang di-kilalang lugar para sila di takutin pero lilisanin nila ang kanilang lupain. Mabibigyan tuloy ang mga tagalabas para pumasok at kamkamin ang kanilang lupa. At kung sila'y lalaban sa bayan, kailangan talaga nilang lumisan at magdala ng armas, at maiiwan ang kanilang pamilya.

Kahit naging normal na ang peace agreement na nilagdaan noong 2014 at naipasa na ang report ng TJRC sa mga lupong tagapamayapa noong 2016, tuloy pa rin ang paghihirap ng mga NMIP at lalo silang pinaparusahan ng mga labanan, karahasan at paglisan lalo na sa Maguindanao at Sultan Kudarat. Base sa fact-finding mission na ginawa ng mga civil society organizations noong 2020, ang bilang ng

44 Institute of Autonomy and Governance. Tribe Council: Murder Of Teduray Chieftain 'Meant To Silence Lumad Struggle For Rights. <https://www.iag.org.ph/blog/27-ipdevcontent/1586-tribe-council-murder-of-teduray-chieftain-meant-to-silence-lumad-struggle-for-rights> retrieved on September 25, 2022.



Ms. Tristessa M. Saavedra, a young Teduray lady in full indigenous attire as she peeks through the window. A college student, she is among the few Non-Moro Indigenous Peoples (NMIPs) who are able to go to school, considering that many of them reside in communities that are too far from the city center where secondary and tertiary schools are located. *Sitio Benuan, Kuya, South Upi, Maguindanao, Philippines*

internal displacements (paglisan sa sariling bayan) ng mga NMIP ay lumalaganap. Ayon sa United Nations High Commissioner for Refugees (UNCHR), 1,274 na pamilya (5,443 katao) ang napaalis sa kanilang lupain noong 2020, karamihan galing South Upi at Ampatuan sa Maguindanao.⁴⁵

Mga kakulangan sa Polisiya at mga Gawain para Isagawa ang TJP

May mga kakulangan at limitasyon sa mga polisiya at gawain para epektibong maisakatuparan ang TJP, ayon sa TJG.

Kasama rito, maliban sa iba pa:

- 1) Ang kawalan ng isang nakatatag at independenteng ag-iimbestigang kawani, truth commissions, o fact-finding teams na ang gawain lamang ay ang suriin ang mga sinaunang kawalang-katarungan, lehitimong hinaing, at mga paglabag ng mga karapatang pantao na naranasan ng mga NMIP. Marami sa mga fact-finding missions ay inorganisa ng mga civil society organizations na kulang ang abot, layon, at suportang logistik tulad ng imbentaryo, tao, materyales at gamit.
- 2) Halos dalawa lang sa 80 miyembo ng parlamento ang kumakatawan sa NMIP. Malaking hamon ito sa pagsasaabtas ng IP Code na talagang kinakatawan ang interes, kapakanan at mithiin ng NMIP sa parlamento. Itong ganitong anyo sa parlamento ay malaking hadlang para sa transpormasyon ng mga importanteng probisyon ng karapatan ng mga IP sa BOL para sa pagpapakilos ng mga polisiya, programa, at serbisyo sa mga NIMP. Sa bilang pa lang ng mga representante ay minoridad na siya na kinakailangan ng matinding paglology para makalikom ng mas marami pang boto.
- 3) Ang BOL ay isang magandang batas na itinataguyod ang karapatan ng mga Bangsamoro at NMIP. Subalit, kapansinpansin na kaalaman sa mga local na Bangsamorong komunidad na ang BOL at BARMM ay para sa mga Bangsamoro lamang. Katwiran nila'y walang BARMM at BOL kung wala ang pakikipaglaban na pinagungunahan ng MILF, kaya ang interes at kapakanan ng mga hindi-Bangsamoro o hindi-Moro ay pumapangalawa lamang. Ang pag-iisip na ganito ang ag-uutos sa kanilang aksyon na kunin ang lupaing ninuno ng mga NMIP bilang parte ng kampo ng MILF.
- 4) Ang kapansinpansing sabuwatan ng Inter-Governmental Relations Body (IGRB) at ang BTA na pinangungunahan ng MILF para pa-antalanin ng proseso ng CADT. Sumulat ang mga claimants ng Teduray at Lambangian sa NCIP para hingin nito ang tindig nito sa BTA Resolution No. 38. Si Allen Capuyan, ang Chairman ng NCIP, ang klarong nagsabi na sila pa rin ang may legal na

⁴⁵ Report to the National Commission on Indigenous Peoples: Situation of the Indigenous Peoples in the Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao amid the Ongoing Armed Conflicts and Threats of COVID-19 . reports the members of the "Solidarity Mission to Conflict-Affected Tri-people Communities in Lebak, Sultan Kudarat and South Upi, Maguindanao" September 11, 2020.



While it is the government's duty to provide basic services to its constituents, it does not automatically mean that everyone gets equal access to them. Indigenous peoples, especially those in the Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM), Philippines, find it difficult to access such fundamental rights that they usually have to do without, continuously lobby for, or manifest on their own. Sitio Benuan, Kuya, South Upi, Maguindanao, Philippines

jurisdiction o sakop ng kanilang kapangyarihan ang proseso ng pagguuguhit (delineation) at pagtititulo ng mga ancestral domain sa Maguindanao. Subalit, wala pang naririnig na tugon ang TJG mula sa IGRB ng dalawang taon matapos sulatan nila ito noong Mayo 25, 2020.\

MGA REKOMENDASYON

Ngayong nalaman natin ang mga hindi natugunan na pahayag, kakulangan at hamon sa pagsasagawa ng TJP sa mga NMIP, narito ang mga kailangang maaring gawin na rekomendasyon:

- Ukol sa edukasyon pang-komunidad, konsultasyon at IP Code
 - Pag-igtingin ang kakayahan ng NMIP na makipagtipan sa TJP. Ang paghanda ng kanilang kapasidad ay nangangailangan ng istrategiya sa edukasyon at konsultasyon. Ang pag-aaral at konsultasyon para sa NIMP sa



mga komunidad na direktang apektado sa mga pagbabago tulad ng Camp Transformation ang mag-uunlak ng kanilang aktibo at makahulugang partisipasyon.

- Isangguni at isangkot ang NIMP sa paggawa ng Indigenous Peoples' Code at hayaan silang iaalisa ang mga implikasyon nito sa kanilang karapatan, kapakanan at kagalingan. Bigyan sila ng tiwalang makilahok sa mga paggawa ng polisiya para mabalanse ang nakakahigit na pusisyon ng mga tagagawa ng mga desisyon na sila na lang ang nag-uutos ng mga desisyon at aksyon na binabale-wala ang interes at sentimiento ng mga NMIP.
- Paigtingin at planuhing mabuti ang paglobby at pagtaguyod sa mga miyembro ng BTA sa pagsagawa ng IP Code. Makipag-alyansa at lumikom ng suporta para sa pagpapasa ng

Bangsamoro IP Code. Kailangan ng pag-organisa ng isang komiti na pangunuhan ang mga pag-aaral nang mapayaman ang Cabinet Bill No. 40 ng mga importanteng probisyon.

- Gawin ang mga kailangang tulong-legal para maamendar ang Resolution No. 38 at kailangang sundutin at sundin ang mga pangangailangan para sa aplikasyon ng CADT. Makipagdayalogo at maki-lobby sa Inter-Governmental Relation Body (IGRB), MIPA, at NCIP na bilisan ang deliberasyon at pagpapatibay ng Ancestral Domain Title.
- Tungkol sa pamamagitan para sa pag-unlad ng komunidad ng mga NMIP
 - Makipagkampanya sa BARMM na gawing normal (mainstream) ang tulong sa kaunlaran na batay sa karapatan at pangangailangan. Kailangang magkaroon ng epektibo at

makahulugang partisipasyon ng mga NMIP sa pagplano, pagsagawa, at pangasiwaan ang mga programa at serbisyon ng kaunlaran sa komunidad. Kasama sa mga tutulungan ng ganitong programa at serbisyo ang mga nasa malayong o nakagilid na lugar ng mga ancestral domains.

- Tungkol sa mga kabaabihan at ang kanilang espasyo at pagsama sa TJP
 - Palawakin at pa-igtingin ang mabisang pakikipaglahok sa lahat ng aspeto at larangan ng TJP. Walang duda ang kapasidad ng mga babae sa NMIP sa pagsagawa ng prosesong tagapagpayapa at rumesponde sa mga katiwalian ukol sa karapatang pantao at sumama sa mga ispesyal na pangangatawan at komisyon na nagpapalakas at nagtutuwid sa

mga koliktibong isyu at pangangailangan ng mga NMIP.

- Tungkol sa pagsasagawa ng truth at reconciliation commission
 - Tumulong sa pagsagawa ng truth and reconciliation commission gamit ang mga polisiyang nagsasagawa ng mas malamin at komprehensibong imbestigasyon ng mga kawalang-katarungan ng kasaysayan, mga lehitimong hinaing, at mga paglabag sa karapatang pantao ng mga NMIP para mabigyan ng malaya, tiwasay at ligtas na lugar.
 - Siguraduhin na mayroong epektibong partisipasyon ang mga NMIP sa lokal nilang komunidad nang makapagdulot ng naaayon na mga rekomendasyon at proposal at magagabayan sa pamamagitan ng pangkahalatan ng stratehiya.

SANGGUNIANG BABASAHIN

Alejo, A. (2014, December 2). PEACETALK: "IPRA itself is a peace agreement". Retrieved from Mindanews.: <http://www.mindanews.com/mindaviews/2014/12/peacetalk-ipra-itself-is-a-peace-agreement/>

Ambangan, R. (2021). Inclusive Peace, Indigenous peoples' Experience of Engagement with the Bangsamoro and the Government of the Philippines. Research Dissertation Presented to the Academic Faculty of the Pannasastra University Cambodia. PUC, Cambodia: Unpublished.

ARMM Legislative Assembly. (2008). Muslim Mindanao Act 241 also known as Tribal Peoples Rights Act in the ARMM.

Bandara, A. (2002, October). Nature of the Timuay Justice and Governance in Central Mindanao, Philippines, Retrieved from <http://www.europe-solidaire.org/spip.php?article5255>

Bangsamoro Information Office. (2021, October 29). Retrieved from Bangsamoro Information Office. "Duterte signs law extending transition period in BARMM until 2025." October 29, 2021.:

<<https://bangsamoro.gov.ph/news/latest-news/duterte-signs-law-extending-transition-period-in-barmm-until2025/#:~:text=COTABATO%20CITY%E2%80%A2>

Bangsamoro Information Office. (2021, July 19). Retrieved from "IPs fear reforms on ancestral domain, tribal justice system will be overlooked if BARMM transition is not extended: <https://bangsamoro.gov.ph/news/latest-news/ips-fear-reforms-on-ancestral-domain-tribal-jus>

Conciliation Resources. (n.d.). TEDURAY LAMBANGIAN WOMEN'S ORGANIZATION (TLWOI). Retrieved from), <https://www.c-r.org/organisation-profile/teduray-lambangian-womens-organization-tlwoi>, retrieved on September 10, 2022.

Conflict Alert. (2020). Conflict's Long Game: A Decade of Violence in the Bangsamoro. Retrieved from <https://conflictalert.info/>

Damao, M. (2022). Insearch of Independence from Moro Revolt to the Remaking of Bangsamoro. Republic of Moldova: LAP LAMBERT Academic Publishing.

- End Local Communists Armed Conflict E.O 70. (2018). Government of the Philippines.
- Esguera, C. (2021, June 1). International Alert Philippine. Retrieved from Non-Moro Indigenous Peoples in BARMM: <https://www.youtube.com/watch?v=KdGXzijiLPs>
- Esguerra, C. (2020). Facts First, Non-Moro Indigenous Peoples in BARMM. Sits down with the supreme tribal chief of the Timuay Justice and Governance on land grabbing, harassment, and killings experienced by non-Moro indigenous peoples in the new #Bangsamoro. Retrieved from Conflict Alert: <https://www.youtube.com/watch?v=KdGXzijiLPs>
- Europe Solidaire Sans Frontières. (2016, October 26). "Mindanao (Philippines): Indigenous Peoples demand Independent Voice in the Peace Processes. Retrieved from. <https://www.europe-solidaire.org/spip.php?article39325>
- Focus on the Global South. (2015, May 25). Groups reiterate the call for full inclusion of their rights in the Bangsamoro Basic Law. Retrieved from <https://focusweb.org/groups-reiterate-call-for-full-inclusion-of-their-rights-in-the-bangsamoro-basic-law/>
- Gempa te Kelindaan ne Kamal. (2015). Statement: Position paper of Erumanen ne Menuvu in the Crafting of the Bangsamoro Basic Law. Unpublished.
- GMA News Online. (2008, October 14). Retrieved from Supreme Court Rules Domain "Unconstitutional": <http://www.gmanetwork.com/news/news/nation/126956/supreme-court-rules-domain-agreement-unconstitutional/story/>.
- Herbolzheimer, K. (2015, December). "The peace process in Mindanao, the Philippines: evolution and lessons learned." Norwegian Peacebuilding Resource Center. Retrieved from <http://www.c-r.org/downloads/a6c4f7339db9c90cd15a63c85405404e.pdf>.
- Initiative for International Dialogue. (2019). Transitional Justice and Reconciliation: In and Beyond the Bangsamoro" (Research Study on Community Narratives of Resilience and Truth-telling), Bangsamoro Transformative Justice Initiatives Project (2017-2019). Initiative for International dialogue. Davao City: IID.
- Institute of Autonomy and Governance. (n.d.). Tribe Council: Murder Of Teduray Chieftain 'Meant To Silence Lumad Struggle For Rights. Retrieved from <https://www.iag.org.ph/blog/27-ipdevcontent/1586-tribe-council-murder-of-teduray-chieftain-meant-to-silence-lumad-struggle-for-rights>
- Jubair, S. (1999). Bangsamoro: A Nation Under Endless tyranny. Malaysia: IQ Marin SDN BHD.
- Loyukan. (2015). Our call for inclusion: A Collection of Articles on Peace, Indigenous Peoples rights, and Bangsamoro Basic Law. Quezon City: Loyukan.
- Madew, M., Schulz, C., Dhakal, P. (2015). Discourse on Social Cohesion. Germany: VEG.
- Ministry of Indigenous Peoples Affairs, Administrative Order No. 003. (2021).
- OHCHR. (n.d.). Transitional Justice and Human Rights. Retrieved from <https://www.ohchr.org/en/transitional-justice>
- Organic Law of the Bangsamoro of the Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao/R.A 11054. (2018). Retrieved from <https://www.officialgazette.gov.ph/downloads/2018/07jul/20180727-RA-11054-RRD.pdf>
- Philippine Constitution. (1978).
- Pimentil, M. (2021). The Indigenous Peoples Rights Act, Commentaries and Guide in Practice. Manila Philippines: Rex Bookstore.
- Punzalan, N. (2019, October 23). "BARMM parliament focuses on 7 priority bills." Philippine News Agency. Retrieved from <https://www.pna.gov.ph/articles/1083945>
- Rodil, R. (2003). A Story of Mindanao and Sulu in Question and Answer. Davao City: Mincode.
- Ruivivar, P. B. (2016, October 2). "PEACE TALK: Indigenous Peoples' Peace Table." Minda News. Retrieved from <http://www.mindanews.com/mindaviews/2016/10/peace-talk-indigenous-peoples-peace-table>.
- Solidarity Mission Report. (2020). Report to the National Commission on Indigenous Peoples: Situation of the Indigenous Peoples in the Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao amid the Ongoing Armed Conflicts and Threats of COVID-19. reports the members of the "Solidarity Mission t. Unpublished.
- Timuay Justice and Governance. (2020). Statement of TJG during the Celebration of the International Day of the World's Indigenous Peoples. Maguindanao: Unpublished.
- Transitional Justice and Reconciliation Commission. (2016). Report of the Transitional Justice and

Reconciliation Commission. Makati City, Philippines: Transitional Justice and Reconciliation Commission.

United Nation. (2019). Tripoli Agreement. Retrieved from UN Peacemaker: <https://peacemaker.un.org/philippines-tripoliagreement76> on September 07, 2022